

Ang Kasaysayang Pambarangay sa Kasaysayang Pampook: Pagbibigay Halimbawa sa Kaso ng Lungsod Pasig

Wensley M. REYES

University of the Philippines - Manila

wmreyes@up.edu.ph

<https://orcid.org/0009-0005-5994-4190>

ABSTRAK

Nakatuon ang papel pananaliksik na ito sa pagpapalitaw ng paksain ng kasaysayang pambarangay sa loob ng kasaysayang pampook. Bagaman sa pagpapakahulugan ng kasaysayang pampook o kasaysayang lokal ay kabilang ang kasaysayang pambarangay, kadalasan ang mga ito ay mas nakatuon sa pananaliksik kaugnay sa bayan (munisipalidad o lungsod) o probinsya. Bunga na marahil ng kakulangan ng mga batis at wastong perspektiba sa pananaliksik at pagsusulat, mangilan-ngilan ang seryosong nag-aambag sa kasaysayang pambarangay. Tinalakay rin sa papel ang maikling konteksto at kasaysayan ng mga barangay bilang yunit politikal. Ginamit ang karanasan sa pananaliksik sa kasaysayang pampook ng Pasig upang itampok ang pagsuroy sa kasaysayang pambarangay. Nagbigay ng mga halimbawa ng batis na maaaring makatungkab ng mga impormasyon kaugnay sa pag-unawa sa katayuan ng mga barangay sa pagdaan ng panahon. Sa huli, nagbigay ng ilang puna o saloobin sa mga hamon at tunguhin ng pananaliksik sa mga kasaysayang pambarangay.

Mga Susing Salita: barangay, kasaysayan, kasaysayang pampook, Lungsod Pasig

ABSTRACT

This research paper aims to emphasize the importance of *barangay history* in the context of local history. Despite being a part of local history, barangay history is often neglected due to limited sources and inadequate research perspectives. The paper also provides a brief overview of the background and historical significance of barangays as political units. The study draws on the research conducted on the local history of Pasig to underscore the exploration of barangay histories. Several examples of sources that can provide better understanding on the evolution of barangays over time are included. Lastly, the paper offers insights and comments on the challenges and goals of doing barangay histories.

Keywords: barangay, history, local history, Pasig City

Maraming pakahulugan ang kasaysayang Pampook o Kasaysayan Lokal, at sa paglalahad ni Emmanuel F. Calairo, inilalarawan niya ito bilang “*pag-aaral ng nakaraan na tumutuon sa isang partikular na lugar ng bansa tulad ng rehiyon, lalarwigan, bayan at baryo. Itinuturing itong pag-aaral na maykro ng isang nakaraang lipunan. Pinag-aaralan din sa kasaysayang lokal ang kabuuang ugnayan ng mga tao sa isang lugar at ang koneksyon nito sa kanyang mga karatig pook. Kabilang sa mga nilalahad at sinusuri ay ang mga aspektong pampulitika, ekonomiya, relihiyon at panlipunan.*¹

Bagaman sa pagpapakahulugan ng kasaysayang pampook kabilang ang kasaysayang pambaryo o pambarangay, madalas na naitatanong “*nasaan ang mga kasaysayang pambarangay?*” Ang katanungang ito ang madalas na sumasagi sa isip ko habang nanaliksik kaugnay sa kasaysayang pampook. Kahit na mababasa sa pagpapakahulugan ng kasaysayang pampook na kabilang ang kasaysayang pambarangay, kadalasan ang kasaysayang lokal ay mas nakatuon sa pananaliksik kaugnay sa bayan (munisipalidad o lungsod) o probinsya.

Sa kabila ng pagiging pinakalaganap na yunit ng pamahalaan, lantad ang kakulangan sa mga babasahin o pananaliksik kaugnay ng mga partikular na barangay. Kung tutuusin batay sa datos ng National Statistics Office (NSO), mayroong 42,027 na mga barangay, kumpara sa 82 probinsya, 148 na lungsod at 1,486 na munisipiyong bayan.²

Kung maghahanap, may ilang halimbawa ng kasaysayang lokal sa antas rehiyunal ang madaliang makikita gaya ng mga aklat na *The Origins of Metropolitan Manila: A Political and Social Analysis* ni Manuel A. Caoili (1988) at ang *The History of Mindanao* ni Reuben R. Canoy (2001). Sa antas ng probinsya, nariyan ang ekstensibong mga pag-aaral ni Rosario Mendoza Cortes tungkol sa Pangasinan na nailimbag sa tatlong aklat: *Pangasinan 1572-1800* (1974), *Pangasinan 1801-1900: The Beginnings of Modernization* (1990), at *Pangasinan 1901-1986: A Political, Socioeconomic and Cultural History* (1990); *Ang La Union: The Making of a Province 1850-1921* ni Adriel Obar Meimban (1997); *A History of the Mountain Province* ni Howard Tyrrell Fry (2006); *A People's History of Benguet Province* (1985); *History of Bulacan* ni Francisco Calalang (1971); *A History of Bataan (1587-1900): Scanning Its Geographic, Social, Political and Economic Terrain* ni Cornelio R. Bascara (2010). Samantala, sa antas panlungsod, bayan, o munisipalidad mababasa ang

¹ Emmanuel F. Calairo, *Tanza: Lalawigan ng Kabite* (Cavite: Pamahalaang Bayan ng Tanza, 2004), 2.

² Philippine Statistics Authority. *Provincial Summary. Number of Provinces, Cities, Municipalities and Barangays, by Region*. As of 31 March 2023. Nasa Philippine Standard Geographic Code as of 31 March 2023. [Philippine Standard Geographic Code \(PSGC\) | Philippine Statistics Authority \(psa.gov.ph\)](https://psa.gov.ph)

The History of Cebu City ni Dionisio A. Sy (2014); *Davao City: Its History and Progress* ni Gloria P. Dabbay (1992); *Kasaysayan ng Muntinlupa: paunang pananaliksik* ni Ma. Luisa Camagay (2004).

Ngunit kapag hinanap na ang kasaysayang pambarangay, karaniwan ay isang pahina lamang ito o ang pinakalaganap ay isang *Facebook page* bilang *social media presence* na naglalaman ng mga *announcement* at proyekto ng kasalukuyang kapitan o sanggunian nito. Upang maunawaan ito, sa pagsasakonteksto ng kasaysayang pambarangay, kinakailangang isaalang-alang ang koneksyon nito sa mga historiograpiya ng bansa, rehiyon, at lungsod. Ang kakulangan o kawalan ng pagsusulat sa antas ng barangay ay bunga marahil ng mga sumusunod na dahilan ng saklaw at pakinabang.

Una, maliit ang saklaw ng kasaysayang pambarangay na nangangahulugan, marahil, ng mas kakaunting interes at pakinabang. Ang mga nagsusulat ng kasaysayan ay nakatuon sa antas pambansa, panrehiyunal, pambayan/panlungsod -- mga paglalahad na mas maraming tao ang nasasakupan. Sa antas ng panlipunang istruktura, ang pamahalaang nasyunal hanggang pambayan/panlungsod ang maituturing na sumasaklaw sa pampolitikal (at kultural) na katangian na kinapapalooban ng isang indibidwal. Ang barangay, bagaman napakalapit, ay karaniwang nilalampasan dahil ang karaniwang *political* at *cultural reference* ay nagsisimula sa bayan.

Ikalawa, ang mga datos mula sa barangay ay karaniwang tinitipon o sinisinop sa antas pambayan o panlungsod. Kabilang dito ang manipis na kasaysayan ng barangay na ikinakahon sa toponomiya, kwentong bayan, at pinakahuling populasyon. Ang datos na ginagamit sa pagbuo ng mga patakaran o polisiya ay mas may pakinabang, sa pinakamahabang panahon, sa antas ng bayan pataas. Kadalasan, sumusunod ang mga barangay sa patakaran ng lokal at pambansang pamahalaan.

Ikatlo, nakatuon ang mga pamamahalang pambarangay sa pagpapatupad ng mga batayang serbisyong panlipunan gaya ng kaayusan at kalusugan. Gayundin, maituturing na ‘transaksyunal’ ang politika sa antas ng barangay na nangangahulugan na mas mahalaga ang ugnayan sa ‘kasalukuyan’ at pagseguro sa *satisfaction* ng mga taga-barangay. Kaya ang tuon ay nasa mas praktikal na mga proyekto kaysa sa paglalahad ng kasaysayan (na kuntento kung ano ang naisulat na at inaasa ang pagtitipon sa antas pambayan/panglungsod).

Upang matugunan ang gabay pangkaisipan sa pagsusulat ng kasaysayang pambarangay, maaaring bigyang tuon ang giit ng mananalaysay na si Romeo Cruz sa kahalagahan ng patuloy na pananaliksik sa kasaysayang pampook. Kanyang inilahad ang maaaring perspektiba na magagamit sa pananaliksik at pagsusulat.

The emergence of local history as an area of investigation is of course significant since it (1) may probably lead to revision of interpretations in major areas of Philippine history, (2) can be the basis for a broader thesis about national history, (3) may revolutionize methodologies and stimulate conceptual innovations that will revitalize history as a discipline; and (4) focus attention on the "history of the people" or history "from bottom up."³

Mula sa kanyang ikaapat na punto, nais kong susugan at ilapat ang kahalagahan ng pagsulong ng kasaysayang lokal sa antas pambarangay. Sa katunayan, isang malaking potensyal na paghuhugutan ng kaalamang pangkasaysayan ang karanasan mula sa mga barangay sa kadahilan na mas malapit sa kasaysayan ng karaniwang tao. Mas mapapalitaw ang kasaysayan ng taumbayan mula sa mga karanasan, gawain, kabuhayan, at sosyo-kultural na aspekto ng isang barangay. Sa kasalukuyan, kung mayroon man na mas ramdam ng taumbayan, ito ang patakaran at kaayusan sa barangay. Kaya dapat na aktibo rin ang mga mananalaysay upang himukin ang mga nasa barangay na isulat ang kani-kanilang kasaysayan.

Isang maikling kasaysayan ng ebolusyon ng ‘barangay’ bilang yunit pulitikal

Mahalagang isaisip na iba ang konteksto ng kasalukuyang mga ‘barangay’ sa nakaraan. Dumaan ito sa iba’t ibang prosesong historikal at pulitikal na nagbigay-daan upang umabot sa kasalukuyan ang institusyong tinatawag na ‘barangay’. Ang kaalaman at pag-unawa sa kasalukuyan ay marahil iba sa pagpapahalaga sa istrukturang ito sa ibang panahon sa loob ng kasaysayang Pilipino. Kaya’t kung magsasaliksik sa kasaysayang pampook ay mahalaga na matukoy ang kasaysayan ng pag-iral ng mga yunit pulitikal gaya ng barangay.

Sa pagbabalik-tanaw sa sinaunang pamayanang Pilipino (bago ang ika-16 siglo) karaniwang nababanggit ang salitang ‘barangay’ sa kaayusang panlipunan nito. Kinikilala ang barangay bilang:

³ Romeo Cruz. "Sources of Local History," *Asian Studies* 22-24 (1984-1986).

An early settlement in the Philippines was referred to as barangay, a Tagalog word originally meaning “boat,” referring to a boatload of related people, their dependents, and their slaves. These kinship groups were led by a datu, hence, “barangay” also meant the following of a datu, a political community defined by personal attachment, not territorial location. The barangay settled together in a community ranging from thirty to one hundred households, and through subdivision, many were still that size when the Spanish arrived in the sixteenth century.⁴

Bagaman, nakalatag na ang paraan ng pamamahalang *barangay* nang dumating ang mga Espanyol, isinagawa nila ang *reduccion* upang tipunin ang watak-watak na pamayanan. Nilikha nila ang isang sentralisadong sistema ng pamahalaan na may apat na pangunahing bahagi: mga lalawigan bilang pinakamalaking administratibong yunit; mga munisipalidad o *pueblos*; mga lungsod; at mga barangay.⁵ Di kalaunan, ang barangay ay tinawag na barrio (pook o nayon) at ang *cabeza de barangay* na pinuno nito ay naging *teniente del barrio*.⁶

Sa pagpasok ng ika-20 siglo, nagsagawa ng ilang pagbabago ang mga Amerikano sa pamahalaang lokal, isinaayos ang ilang istruktura. Pinalitan ng “munisipyo (municipality)” ang mga “pueblo” habang pinanatili ang “barrio” at pinuno nito.⁷ Naging mahalagang institusyon ang mga munisipyo at barrio upang masinop na pamahalaan ang kapuluan. Bagaman may kakulangan, may epektibong katangian ito upang umabot sa pinakalaylayan ng lipunan, kaya naman mananatili ang mga barrio -- dadaan at malalampasan ang maraming pagsubok gaya ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

In the postwar years, the conditions that beset the barrio were highly problematic. With no legal entity to mobilize funds for local improvement, residents were incapable of collecting taxes for public infrastructure. Services were provided solely by the municipal government and were limited. While government and nongovernment entities were present in the

⁴ Patricio Abinales at Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines*. (Lanham Boulder, New York, Oxford: Rowman and Littlefield Publishers Inc., 2005), 7.

⁵ Emma Porio at Emily Roque-Sarmiento. "Barangay." In Orum, A. (ed) *The Wiley Blackwell Encyclopedia of Urban and Regional Studies*. John Wiley & Sons Ltd., New Jersey, 2019. DOI: 10.1002/9781118568446.eurs0016

⁶ Cf. John H. Romani. "The Philippine Barrio." *The Far Eastern Quarterly* 15, no. 2 (1956), p. 230; Mario Zamora. Political History, Autonomy, and Change: The Case of the Barrio Charter. *Asian Studies* Vol V. No. 1, (April, 1967), p. 81.

⁷ Romani, p. 230.

barrios to help out, they inadvertently confused residents with duplication of services and credit-grabbing. The barrio then became the center of attention. With postwar conditions paving the way for communities to become more self-dependent, communist influence began to spread. In an effort to thwart this, the national government changed its efforts at rural development to start “policies aimed at decentralizing government and promoting grassroots cooperative organizations.”⁸

Sa panahon ng nagsasariling republika, noong 1955, naging tunguhin ang pagpapatatag ng *barrio* bilang institusyon at pinasinayaan ang *Barrio Council Law* (RA 1408). Samantala, bilang tugon sa kakulangan ng mga naunang batas, naisakatuparan ang *RA 2370 – An Act Granting Autonomy to Barrios of the Philippines* (kilala rin Barrio Charter of 1959).⁹ Sa isang akda, pinaliwanag nina Porio at Roque-Sarmiento ang kontekto sa panahong ito:

While the Barrio Council Law laid the legal foundations, it also reflected the increased legal dependency of the barrio on the municipalities. As a result of criticism from the public, the Barrio Charter of 1960 was introduced as an amendment to the law, which gave barrios greater independence and autonomy as local government bodies. Barrios can now hold elections and vote for their own officials. The charter also enabled barrios to organize the barrio assembly, collect taxes and contributions for community development, and exercise legislative powers. It also amended and clarified the rights of barrio officials, their tenure of office, compensation, and nonmonetary work benefits (Zamora 1967). A major landmark was the barrio assembly, which was likened to the congress version of the barrio. It was seen as “a truly representative government ... with opportunity to discuss the barrio problems and their solutions” (Zamora 1967, 90). In 1963, with the Revised Barrio Charter (RA 3590), barrio lieutenants were renamed barrio captains, and were now elected officials.¹⁰

Taong 1974, tila muling nabuhay ang kamalayan sa konsepto ng ‘barangay’ at naging bahagi muli ito ng kaayusang pambansa sa bago nitong porma. Sa pamamagitan ng *Presidential Decree No 557* (1974), itinakda ang katawagang “barangay” bilang pamalit sa dating tawag ay “barrio.” Batay rin sa batas na ito: *the term "barrio" is of foreign origin and consequently there have been various representations from the Barangays all over the country to declare all*

⁸ Porio and Roque-Sarmiento, p. 2

⁹ *Republic Act No. 2370 – An Act Granting Autonomy to Barrios of the Philippines*, June 20, 1959.

¹⁰ Porio at Roque-Sarmiento, p.2.

barrios as Barangays.¹¹ Ang pagbabagong ito ay isa sa puntong-balingan (turning point) dahil mas kilala ng mga nanaliksik ang barangay kaysa sa barrio.

Sa pagdaan ng panahon, mas lalong tumibay ang pundasyon ng barangay bilang pulitikal na institusyon. Ayon sa 1987 Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas, bukod sa mga lalawigan, mga lungsod, mga bayan, kinikilala ang barangay bilang isa sa mga “subdibisyong teritoryal at pulitikal ng Republika ng Pilipinas.”¹² Dagdag pa rito, mas pinagtibay naman ng *Republic Act No. 7160* o *Local Government Code of 1991* ang posisyon ng mga barangay kaugnay sa pambansang pamamahala. Pinamumunan ito ng Punong Barangay, mga miyembro ng Sangguniang Barangay, at mga miyembro ng Lupong Tagapamayapa. Gampanin ng barangay bilang pangunahing pulitikal na yunit, ang pagpapalano at pagpapatupad ng mga patakaran, plano, programa, proyekto, at mga aktibidad ng pamahalaan sa komunidad.¹³

Ang barangay ang unang lebel ng pamamahalang ramdam ng mamamayan. Ito rin ang kapookan na pinakamalapit sa sambayanan. Mas ramdam ang karanasang panlipunan, ang pagbabago at pag-unlad—o ang kawalan nito—sa barangay. Kung mayroon man na dapat batid ang kasaysayan, bukod sa sariling angkan o pamilya, ito dapat ang barangay. Kaya nararapat na may mga nagsasaliksik at nagsusulat sa kasaysayan nito.

Kasaysayang Pambarangay sa Kasaysayang Pampook: Pagsisiyasat sa Kaso ng Lungsod ng Pasig

Upang makapagbigay ng halimbawa sa pananaliksik tungkol sa mga barangay sa loob ng kasaysayan ng isang bayan o lungsod, minarapat na paghugutan ng kaalaman ang personal na karanasan at salisik tungkol sa Lungsod Pasig. Ang ilan sa mga naunang pagtatangka na sumulat tungkol sa mga barangay sa Pasig ay nailahad na sa personal na blog.¹⁴ Ngunit, malaking hamon ang kinaharap sa pagsusulat (o maging ang pagtatangka lamang na magsulat tungkol sa barangay) dahil mula sa perspektibong pambayan o panlungsod ay kinakailangan ilipat ang tuon at pananaw sa antas ng barangay. Susunod din ang hamon sa pangangalap sa mga

¹¹ Presidential Decree No. 557 (1974) - Declaring all barrios in the Philippines as barangays, and for other purposes.

¹² Artikulo X – Pamahalaang Lokal [Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987 | Official Gazette of the Republic of the Philippines](#)

¹³ The Local Government Code of The Philippines Book III Local Government Units Title One. - The Barangay. Ma-akses sa [THE LOCAL GOVERNMENT CODE OF THE PHILIPPINES \(officialgazette.gov.ph\)](#)

¹⁴ “Mga Barangay ng Pasig mula sa Iba’t ibang Batis Pangkasaysayan,” *The Inflowenser*. Na-akses Hulyo 5, 2023., [The Inflowenser \(wordpress.com\)](#)

pangkasaysayang batis, lalo na't walang tradisyon ang mga barangay na mag-ingat ng mga dokumento o magkaroon man lang ng sinupan. Ang kadalasang batis ay napakalapit na mga kasaysayan ng alaala mula sa pamunuan o matanda sa pook.

Dagdag pa rito ang pagtatakda ng panahong inaaral – kung mas malapit na kasaysayan, nakasalalay sa alaala ng mga matatanda at administrador; kung mas malayong nakaraan ay mailap o marahil nawala na ang mga batis. Nangangahulugan ito ng pagbibigay tuon sa pagbabago at pagpapatuloy sa mas maliit na kapookan. Gayundin, dahil tila mas malapit (recent) ang pagbibigay awtonomiya (autonomy) at pagsasakapangyarihan (empowerment) sa mga pamahalaang pambarangay, nagkakaroon ng puwang ang pagtatanong sa kasaysayan ng yunit na ito. Ngunit, batid na mas kinakailangan na mabuo ang mga naratibo kaya isinakatuparan ang papel na ito.

Isa ang Lungsod ng Pasig sa modernong siyudad na kabilang sa Kalakhang Maynila. Matatagpuan ito sa hugpungan ng Ilog Pasig at Laguna de Bay. Napapalibutan ito ng mga bayan at lungsod: sa hilaga ang Lungsod ng Quezon at Marikina; sa silangan ang Cainta at Taytay; sa kanluran ang Lungsod ng Mandaluyong; at sa timog ang bayan ng Pateros, at Lungsod ng Taguig at Makati. Binubuo ito ng 30 barangay at nasasakop sa 3,100 ektaryang lupa o apat na porsyento sa kabuuang land area ng Kalakhang Maynila. Ang 30 barangay ay ang Bagong Ilog, Bagong Katipunan, Bambang, Buting, Caniogan, Kalawaan, Kapasigan, Kapitolyo, Dela Paz, Manggahan, Malinao, Maybunga, Orambo, Palatiw, Pinagbuhatan, Pineda, Rosario, Sagad, San Antonio, San Joaquin, San Jose, San Miguel, San Nicolas, Sta. Cruz, Sta. Lucia, Sta. Rosa, Santolan, Sto. Tomas, Sumilang, at Ugong.¹⁵

Ang mga barangay na ito ang sisiyasatin mula sa iba't ibang batis pangkasaysayan. Ito ay isang panimulang paglalahad ng mga barangay (sa kasalukuyang kalagayan nito), batay sa kronolohikal na pag-iral mula sa iba't ibang pinagmulang batis pangkasaysayan. Bagaman marami pang mga pinagmulang datos ang kailangang masusing suriin, makikita sa paglalahad na ito ang mga lugar na matagal nang umiiral sa Pasig. Ang bawat pangkasaysayang entry ay naglalaman ng pagpapaliwanag sa konteksto ng batis at nilalaman nito.

¹⁵ Pasig City. Pamahalaang Panlungsod ng Pasig. Websayt ng Pasay City, <https://bit.ly/3PAP0rc> (nakuha noong Disyembre 17, 2022).

Testimony ni Fernando Riquel (1576)

Bunsod ng kawalan ng dokumentasyon sa sinaunang lipunang Pilipino, itinutuon ang paghahanap ng naratibo sa mga batis pangkasaysayan na buhat sa mga banyaga. Ang unang batis pangkasaysayan na ilalahad ay halaw sa testimonya noong Hunyo 2, 1576 mula kay Fernando Riquel, ang notaryo ni Miguel Lopez de Legazpi. Ang dokumento ay isang opisyal na ulat tungkol sa pamamahagi ng mga *encomienda*.¹⁶

Bilang pagpapaliwanag sa konteksto ng *encomienda*, mainam na ibigay ang pakahulugan nito. Sa isang pakahulugan, tinutukoy ang *encomienda* bilang:

Encomienda. Landed estates of the Spaniards. During the Spanish colonization of the Philippines, Spaniards were granted vast tracts of land by the Spanish king as a reward for their services in subjugating the country. Governor-General Miguel Lopez de Legazpi started this system in 1568 at the orders of King Philip II. The Philippines was parceled out and large allotments of land called *encomiendas* were given to Spanish soldiers, civilians, and religious orders. The people who lived in these *encomiendas* became tenants, and they had to pay an annual tribute, a kind of head tax, to Spain.¹⁷

Mula rito maaari na iugnay ang *encomienda* sa karanasan ng ‘barangay’ sa Pasig. Nakasaad sa dokumento ni Riquel ang lupain na ipinagkatiwala sa itinalagang *encomendero*, kabilang dito ang pagbanggit sa mga pamayanan ng Pasig at sa tabi ng ilog na nagtataglay ng pangalan nito.

*“In the island of Luzón...November 14 (1571) to Juan de la Isla, the Indians of Malinao, Banban, Tuxas, Palatnia, and others of the Pasig River, island and hill, and the villages of Bayáuan and Pasún.”*¹⁸

Sa pahayag na ito, mababasa ang mga lugar na tila pangalan ng mga barangay sa kasalukuyang Lungsod Pasig. Pinapalagay na may mga lugar ang patuloy na nagtataglay ng toponimong ito sa Pasig. Upang maiugnay kung gayon mga lugar ang tinutukoy, tiningnan din ang paglalarawan ng

¹⁶ Ang dokumento ay isang bahagi ng orihinal na dokumento ni Pablo Pastells, S.J., sa kanyang edisyon ng *Labor evangélica* ni Colin (Barcelona, 1904), i, pp. 157, 158, tala. Mababasa rin sa Blair & Robertson, *The Philippine Islands*, volume 34, pp. 304-310. Translation from the Spanish by James Alexander Robertson.

¹⁷ Artemio Guillermo. *Historical Dictionary of the Philippines; Third Edition*. Lanham, Toronto, Plymouth, UK: The Scarecrow Press, Inc, 2012. p. 150.

¹⁸ Blair & Robertson, *The Philippine Islands*, volume 34, pp. 304-310. Translation from the Spanish by James Alexander Robertson.

mga pook ayon sa tala ni Francisco Colin.¹⁹ Batid ko na tila mahirap matukoy ang kasalukuyang mga pook sa ibang nabanggit na pangalan ngunit maaaring mahinuha, batay sa paglalarawan, na ang *Malinao*, *Banban*, at *Palatnia* na tinutukoy sa dokumentong nabanggit ay ang mga kasalukuyang barangay ng Malinao, Bambang at Palatiw sa Lungsod Pasig. Para sa taal na taga-Pasig, tila nakapagtataka ito dahil hindi nabanggit ang Pinagbuhatan, na pinaniniwalaang isa sa mga matandang pamayanan sa nasabing lungsod.

Talahanayan 1. Mga pook kaugnay sa encomienda ni Juan de Isla (1571)

Pook	Paglalarawan
Banban	Encomienda, I, 158 n.
Malinao	Pueblo de encomienda, I, 158 n.
Palatnia	pueblo de encomienda de Juan de Isla. I, 158 n.
Tuxas	pueblo de encomienda de Juan de Isla. I, 158 n.
Pasun	Pueblo de encomienda, I, 158 n.

Conquista ni Gaspar de San Agustin (1698)²⁰

Ang *Conquista de las Islas Filipinas*, na isang pangkasaysayang naratibo na isinulat ni Padre Gaspar de San Agustin (1698) ay naglalaman ng mga ulat kaugnay sa mga gawaing misyonero sa Pilipinas. Si San Agustin ay isang kinikilalang Agustino na naglahad ng mga paglalayag at misyon na isinagawa ng kanilang Orden at maging mga kinauukulan. Ang mga Agustino, bilang kauna-unahang orden sa Pilipinas, ay may malaking ginampanan sa Kristiyanisasyon sa arkipelago at naging saksi ni Legazpi sa mga pangyayari sa kolonya. Sa batis pangkasaysayan na ito, inilahad ni Padre Gaspar de San Agustin ang pagganap ng *capitulo provincial* ng mga paring Agustino noong Mayo 3, 1572. Sa *capitulo* ng 1572 ay naihalal si Padre Martin de Rada bilang Prior Provincial. Bukod sa hitik na impormasyon sa gawaing misyonero, mahalaga ang akda ni San Agustin dahil may paglalahad ito patungkol sa Pasig. Sa Kabanata XI nagbigay siya ng pahayag patungkol sa pagkakatatag ng Pasig na naitaguyod sa pagsisimula ng trienyo. Ang kabanatang ito ay may pamagat na *De la fundacion de los Conventos de Bay, Pasig, Panay y Dumangas, que se fundaron al principio de este trienio*. (Tungkol sa pagkakatatag ng mga kumbento ng Bay, Pasig, Panay y Dumangas, na

¹⁹ Francisco Colin. Labor Evangélica de los obreros de la compañía de Jesús en las islas Filipinas por el P. Francisco Colin de la misma compañía Nueva edición ilustrada con copia de notas y documentos para la crítica de la historia general de la soberanía de España en Filipinas por el padre Pablo Pastells, S. J. Barcelona: Henrich y Compañía en comandita, 1900.

²⁰ Halaw ang bahaging ito na tumatalakay sa akda ni Fray San Agustin sa Wensley Reyes. "Mga Batis Pangkasaysayan sa 'Araw ng Pasig,' *Araling Pasig* Lathalain Bilang 5. (Maynila: Limbagang Pangkasaysayan, 2023), p.20 at p 25-26.

naitatag sa pagsisimula ng trienyo). Dito rin ay itinala niya ang mga visita ng bagong convento:

No muy lejos de una de las bocas por donde desagua esta Laguna, está el Pueblo de Pasig, como tres leguas de la Ciudad de Manila, Rio arriba, es la advocacion del Convento nuestra Señora de la Concepción, y tiene voz, y voto en los Capítulos. Es población muy grande, y está dividida en doce Visitas: San Nicolás, Pinagbuhatan, Polo, Palatiu, Meybonga, Sagad, Angono, Bambán, Malinao, Tipas, Mandarala y Botin.

Hindî malayò sa isá sa mga bukana kung saán bumubuhos ng tubig ang Lagunang itó ay ang Bayan ng Pasig, mga tatlong legua ang layo sa Lungsód ng Maynilà, paakyát sa ilog. Ang ating Ginang ng Concepción ang pintakasi ng ating kumbento. Mayroón siyang tinig at boto sa mga Capitulo. Malaking-malakí ang bayan. At itó nahahati sa 12 Bisita: San Nicolás, Pinagbuhatan, Polo, Palatiu, Meybonga, Sagad, Angono, Bambán, Malinao, Tipas, Mandarala y Botin) (San Agustin 1698, 255) (malayang salin ni Vic Romero).

Mula sa paglalahad na ito, mababasa ang ilan sa mga pangalan ng kasalukuyang barangay ng Pasig bagaman sa tala ni San Agustin ito ay may kategoryang *visita*. Kabilang dito ang *San Nicolás, Pinagbuhatan, Polo, Palatiu, Meybonga, Sagad, Bambán, Malinao, Botin*. Muli, hindi madaling matukoy kung pareho sa kasalukuyang mga pook ang tinutukoy sa pahayag. Ngunit kung pagtabihin ang ngalan ng visita at kasalukuyang barangay ng Pasig, maaaring mahinuha ang kaugnayan ng mga ito batay sa toponimo.

Talahanayan 2. Mga visita ng Pasig sa tala ni San Agustin at kasalukuyang mga barangay ng Pasig

Visita	Barangay
San Nicolas	San Nicolas
Pinagbuhatan	Pinagbuhatan
Polo	(San Miguel)
Palatiu	Palatiw
Meybonga	Maybunga
Sagad	Sagad
Bamban	Bambang
Botin	Buting

Philippine Census ng 1903 at 1918

Ang census (o senso) ay “opisyal na tala ng populasyon na may detalye tungkol sa edad, kasarian, at trabaho.”²¹ Ito ay isinasagawa sa isang takdang panahon na may layon na makita ang kabuuang katangian ng populasyon. Gayundin, naging mahalagang instrumentong kolonyal ito sa mga unang taon ng pananakop ng mga Amerikano. Ang *Census of 1903*, dahil sa taglay na impormasyon nito, ang isa sa naging instrumento ng Estados Unidos sa pagpapalawig ng kolonyalismo sa kabuuan ng kapuluan.²² Sa pamamagitan ng *Philippine Organic Act* ng 1902 na ipinatupad ng Estados Unidos, ang Pilipinas ay pinangakuan na magkakaroon ng pagkakataon pamahalaan ang sarili sa pagtataguyod ng isang *Philippine Assembly*. Ngunit bago ito maisagawa, isa sa kundisyon ay ang pangangailangan ng isang senso.²³

Nauunawaan din ng pamahalaang kolonyal ang kahalagahan ng pagkalap ng mga datos mula sa populasyon para sa epektibong pamamahala. Magkagayunpaman, ang napaloob sa pagkalap ng impormasyon ay ang mga “barrio” sa Pilipinas. Sa kaso ng Pasig, na dating kapitolyo ng Probinsya ng Rizal, naitala ang mga barrio kabilang ang kanilang populasyon. May kabuuang 11,278 katao ang Pasig sa panahong ito.

Talahanayan 3. Census 1903 – Pasig

Pasig	(Populasyon) 11,278
Poblacion (San Jose)	546
Bagonilog	621
Bambang	803
Boting	480
Caniogan	672
Capasigan	1,031
Malapad na bato	565
Malinao	292
Naybonga	542
Ogong	726
Palatiu	546
Pinagbuhatan	422
Polo	368

²¹ "census," Collins Dictionary, na-akses Hulyo 7, 2023, <https://www.collinsdictionary.com/dictionary/>

²² Dayana Ariffin. The censuses of the Philippine islands: From ethnological inquiry to the formalization of racial categories in the American-occupied Philippines from 1903 to 1939. *Social Science Diliman* 15:1 January-June 2019, 63.

²³ Epifanio “Don Panyong” de los Santos: The Census and Creating a Filipino Nation. Nasa United States Census Bureau. [delossantos542017.pdf \(census.gov\)](https://www.census.gov/historic/totals/www/philsantos542017.pdf)

Rosario	1,019
Sagad	234
San Nicolas	326
Santa Rosa	313
Santolan	1,342
Santo Tomas	349

Mula sa talaang ito, kapansin-pansin ang ilang pagbabago sa ortograpiya sa pangalan ng mga barrio gaya ng Bagonilog (Bagong Ilog), Boting (Buting), Capasigan (Kapasigan), Naybonga (Maybunga), Ogong (Ugong), Palatiu (Palatiw). Gayundin, kabilang ang isang barrio na may pangalang Malapad na kasama sa nasasakop ng Lungsod Pasig noon ang hindi na kabilang sa nasasakupan nito. Ang ibang kasalukuyang barangay na wala sa listahan ay maaaring hindi pa naitatala o umiiral.

Samantala sa Senso ng 1918 (nailimbag noong 1921), makikita ang talahanayan ng populasyon sa iba't ibang probinsya at bayan sa Pilipinas. Nailista ang Pasig na mayroong 16,767 na katao sa ilalim ng Probinsya ng Rizal. Sa senso na ito ay mas detalyado ang impormasyon dahil bukod sa probinsya, munisipiyo, at barrio, may paghahati sa populasyon ng kalalakihan at kababaihan. Gayundin, itinala ang mga barrio na nasasakupan nito. Ngunit para sa kasalukuyang mamamayan ng Pasig, marami sa nasa listahan ay hindi na kabilang sa mga kilalang barangay ng lungsod. Ang mga pook na nabanggit ay ang mga sumusunod: Poblacion, Bagong Ilog, Bambang, Boting, Caniogan, Malinao, Maybunga, Ogong, Palatiw, Pinagbuhatan, Pinira, Rosario, Rural Cubao, Rural Malilit, Rural Mapuntod, Rural Tibagan, Sagad, San Joaquin, San Jose, San Miguel, San Nicolas, Santa Rosa, Santolan, Santo Tomas, Sumilang.

Talahanayan 4. Census 1918 – Pasig

Munisipyo at Barrio	Populasyon	Lalaki	Babae
PASIG	16,767	8,290	8,477
Poblacion	1,714	882	832
Bagong Ilog	478	235	243
Bambang	1,126	555	571
Boting	1,019	461	558
Caniogan	1,151	578	573
Malinao	455	231	224
Maybunga	589	291	298
Ogong	934	466	468

Palatiw	599	311	288
Pinagbuhatan	504	267	237
Pinira	943	439	504
Rosario	1,285	629	656
Rural Cubao	188	106	82
Rural Malilit	100	49	51
Rural Mapuntod	222	119	103
Rural Tibagan	49	24	25
Sagad	357	173	184
San Joaquin	328	170	158
San Jose	619	286	333
San Miguel	467	211	256
San Nicolas	458	218	240
Santa Rosa	386	192	194
Santolan	1,535	793	742
Santo Tomas	519	246	273
Sumilang	742	358	384

Mula sa talaan, makabubuo ng ilang obserbasyon. Una, may mga nasa listahan ang kabilang sa mga saklaw na barangay ng Lungsod Pasig. Kabilang dito ang Bagong Ilog, Bambang, Boting (Buting), Caniogan, Malinao, Ogong (Ugong), Palatiw, Sagad, San Joaquin, San Jose, Santo Tomas, at Sumilang. Samantala, Maybunga, Pinagbuhatan, Rosario, San Miguel, San Nicolas, Santa Rosa, at Santolan. Ikalawa, walang Barangay Poblacion sa kasalukuyang saklaw ng Pasig pero may kamalayan kung ano ang Pasig Poblacion kung nababanggit ito. Ikatlo, kapansin-pansin na wala rin ang Barangay Kapasigan sa listahan ngunit naitala naman ang San Jose, na malapit sa kasalukuyang Kapasigan. Panghuli, ang barrio na may ngalang 'Pinira' ay kasama sa listahan, ngunit walang Pineda (na kabilang sa kasalukuyang lungsod) ang naitala. Hindi pa malinaw kung ito ay tipograpikal na pagkakamali o pagbabago ng pangalan.

Ngunit mababasa na marami rin ang nasa listahan ang hindi kapaloob sa kasalukuyang sakop ng lungsod kabilang dito ang Rural Cubao, Rural Malilit, Rural Mapuntod, Rural Tibagan. Ang aking hinuha, ang Rural Cubao ay ang Cubao ng Quezon City ngunit kailangan maisakonteksto sa ito sa senso ng 1918 at matukoy pa ito ng ibang ebidensya. Hindi ko pa masiyasat ang Rural Malilit at wala akong ideya tungkol dito. Samantalang, dalawang sitio Mapuntod sa kalakahang Maynila ang aking nasiyasat. Isa sa kanila ay matatagpuan sa Mandaluyong at isa sa San Juan. Ang Mapuntod sa Mandaluyong ay nasa Barangay Bagong Silang, samantalang ang sa San Juan ay nasa Brgy. West Crame. Sa isang resolusyon ng Korte Suprema (GR No. L-33516, May 8, 1975), na nagbibigay pahintulot sa Ortigas & Company

Limited Partnership “to convert the landholding in question with the approximate area of 13,871 square meters, situated at Barrio Mapuntod, San Juan Rizal...”, lohikal na isipin na ito ang Mapuntod na tinutukoy sa senso. Tila mas malapit ang nabanggit na lupain sa Pasig kaysa sa matatagpuan sa Barangay Bagong Silang sa Mandaluyong. Gayundin, maaaring ang Rural Tibagan ay matatagpuan sa kasalukuyang Barangay East Rembo (Taguig City). Sa pook na ito, matatagpuan ang Tibagan Elementary School at Tibagan High School. Malapit din ito sa Barangay Buting na saklaw ng Pasig.

Ilang katanungan din ang napag-isip habang tinitingnan ang talaan: Pareho kaya ang tinutukoy na Poblacion at ang kasalukuyang Kapasigan? Pareho kaya ang Pinira at Pineda? Nagkamali lang ba ng baybay gaya sa ibang ngalan o nabago talaga ang pangalan? Kailangan makahanap pa ng mga dokumento at ebidensya, kasabay ng pananalisik pangkasaysayan kung nais itong masagot.

Rizal Province Directory, 1934

Nailimbag ang aklat na *Rizal Province Directory* noong 1934, kapanahon ng pagtanggap ng Philippine Legislature sa Tydings McDuffie Act. Batay sa panimula ng aklat:

This modest volume makes its appearance at a most momentous period in Philippine history. With the acceptance by the Philippine Legislature of the Tydings-McDuffie Act, a new life for the Filipino people has been ushered in.... The RIZAL PROVINCE DIRECTORY is not only a compilation of facts and the most reliable information about the Province of Rizal. Its aim is not only to present the community as it is today. In the following pages are faithfully recorded the chronicles from musty volumes of the different towns of the Province, since their early foundation up to the present time. In it also are shown the political and social progress of the people, the extent of their territory, the amount of their wealth and natural resources, their industries and trade.²⁴

Dito itinala ng may-akda ang mga bayan at barrio ng Probinsya ng Rizal. Sa pagbanggit sa Pasig bilang punong-bayan ng probinsya na may populasyon na 21, 291 at may industriya ng pagpapalayok, pangingsida, pagtanim, pagbuburda, pagtitinda ng produkto, at pagtibag ng bato. Binanggit na nasasakop nito ang 1,840 hektarya at kapaloob ang mga barrio: Poblacion, San Jose, Bagong Ilog, Bambang, Buting, Caniogan, Capasigan,

²⁴ Isayas Salonga, *Rizal Province directory*, Volume I. (Manila: General Printing Press, 1934), p. 5.

Malinao, Maybunga, Ugong, Palatiw, Pinagbuhatan, Pineda, Rosario, Sagad, San Joaquin, San Miguel, San Nicolas, Bagong Katipunan, Santolan, Santo Tomas, and Sumilang.²⁵

Bagaman binanggit ang mga barrio, hindi nagbigay ng mga partikular na impormasyon tungkol sa mga ito dahil ang tuon ay sa antas probinsya na binubuo ng 27 na munisipyo. Sa bahagi ng pagtalakay sa Pasig nabigyan ng datos ang lokasyon, populasyon, kasaysayan, teritoryo, at industriya.

Historical Data Papers (HDP)

Ang *Historical Data Papers* (HDP) ay kalipunan ng mga talang pangkasaysayan at pangkalinangan ng mga pook sa Pilipinas noong dekada 50 ng ika-20ng siglo. Ang pagtitipon ay pagtalima sa *Executive Order No. 486* ni Pangulong Elpidio Quirino na muling mangalap ng mga mahahalagang datos mula sa mga barrio, bayan, lungsod at probinsya na nasira at nawala noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa bisa ng General Memorandum Order No. 34, series of 1952, inatasan ang kaguruan na isakatuparan ang proyekto. Matatagpuan ang HDP sa koleksyon ng Pambansang Aklatan. Sa kasalukuyan, maaring idownload *online* ang bahagi sa Municipality of Pasig sa <http://nlpdl.nlp.gov.ph/HD01/p40/cm18/home.htm>.

Ayon sa paglalarawan sa HDP: *Forty-nine (49) provinces and the cities of Manila and Quezon City complied. One hundred twenty-six (126) volumes were compiled. Three volumes were filled with annual reports of the provinces from the years 1946-1951, microfilmed in seventy-nine (79) reels.*²⁶ *Aside from the history of barrios, towns, cities and provinces customs and beliefs were also included.* Kabilang sa koleksyong ito ang datos na nakalap mula sa bayan ng Pasig.

Ang HDP ay nakaayos batay sa probinsya, bayan, at barrio. Dahil dating kapitolyo ng Rizal ang Pasig, makikita ang katipunan ng dokumento ng *Munisipyo ng Pasig* sa ilalim ng Probinsya ng Rizal. May pamagat na 'History and Cultural Life of Pasig' ang panimulang pahina ng Pasig HDP, na sinusundan ng paglalarawan bilang *Available Source Material on Historical Data of the Town of Pasig, Rizal and its Barrios Collected by the Teachers of the Rizal HS (1952-1953).*²⁷ Tinipon at sininop ito ng mga guro mula sa Rizal High School noong 1953 na sina Paterno Santiago bilang chairman, at ang

²⁵ Salong, *Rizal Province directory*, 120.

²⁶ History and Cultural Life of Pasig, *Historical Data Papers* (Manila: National Library of the Philippines, 1953). Ma-aakses sa [Historical Data \(Geographic\) | National Library of the Philippines \(nlp.gov.ph\)](http://nlp.gov.ph)

²⁷ History and Cultural Life of Pasig.

mga sumusunod bilang kasapi: Leonila Banaticla, Josefa Conducto, Dolores Santos, Milagros Devecó, Lucino Concepcion, at Pablo Natividad.

Kung mapapansin, ang mga pagbanggit sa mga barrio, tila may pagkakaiba-iba ito. Sa isang bahagi may dalawampu't tatlong (23) barrio kabilang ang Bagong Ilog, Bagong Katipunan, Bambang, Buting, Caniogán, Kapasigan, Malinao, Maybunga, Palatiw, Pinagbuhatan, Pineda, Poblacion, Pulo, Rosario Norte, Rosario Sur, Sagad, San Joaquin, San Miguel, San Nicolas, Santolan, Santo. Tomas, Sumilang, at Ugong Sur.²⁸ Inilahad din ang populasyon ng Pasig at mga barrio nito na binubuo ng 35,407 sa kabuuan ng bayan. Ayon sa talababa nito, nakabatay ito sa 1948 Census of the Philippines. Kapansin-pansin din ang pagtatakda ng pangalan ng ilang mga barrio na hindi na ginagamit sa kasalukuyan, gaya ng Rosario Norte at Rosario Sur, Pulo, at Ugong Sur. Sa talaan ding ito, may Poblacion pero walang San Jose.

Samantala batay sa panimula, ang koleksyon ay naisakatuparan bunga ng gawain ng kaguruan ng Rizal High School sa tulong ng mga “purok chairmen.” Inilista ang pangalan ng mga pinuno at itinapat ito sa pangalan ng kanilang mga “purok.”

Talahanayan 5. Pangalan ng ‘purok’ at chairmen sa HDP

Barrio	Chairmen
Bagong Ilog	Mr. Ruperto Buenaventura
Bagong Katipunan	Mrs. Pilar T. Lucas
Bambang	Mr. Pablo Natividad
Buting	Mrs. Encarnacion Valenzuela
Caniogan	Miss Fidela Limpoco
Kalawaan	Mrs. Adoracion Ferrer
Kapasigan	Miss Leonila Banaticla
Malinao	Mrs. Pilar T. Lucas
Maybunga	Mrs. Ignacia Medina
Palatiw	Miss Anita San Juan
Pinagbuhatan	Mr. Nicolas Devecó
Pineda	Mr. Mariano Macaraig
Poblacion (and San Jose)	Mrs. Dolores Santos
Rosario	Miss Rosa Lopez
Sagad	Miss Josefa Manalo
San Joaquin	Miss Librada Granados
San Miguel	Miss Felipa Cruz

²⁸ History and Cultural Life of Pasig.

San Nicolas	Miss Maria Cangco
Santolan	Mrs. Ceferina Regino
Santo Tomas (Pulo)	Miss Salud Faustino
Sumilang	Mr. Paterno Limchangco
Ugong	Mr. Pedro Santos
Wawa	Mrs. Silvestra Velasquez

Ang bilang ng mga pahinang inilaan na naglalahad ng mga datos ng mga barrio ay hindi magkakahalintulad. Nahahati rin sa dalawa ang pangalang nababanggit na pinagmulan ng datos– isang ‘submitted by’ na buhat sa nagsumite ng detalye at isang ‘signed’, maaring pinagmulan ng impormasyon o sa ibang pagkakataon ay nagpapatunay sa katotohanan ng mga ulat. Narito ang talaan ng nasabing pagtatala:

Talahanayan 6. Bilang ng pahina, barrio, at pangalan ng mga nagsumite ng entry sa HDP

Barrio	Submitted by	Signed
Bagong Ilog (3)	Ruperto Buenaventura	Leoncio Intalan (certified by)
Buting (8)	Josephine M. Yson	Amando T. Yson
Kalawaan (2)		Melencio E. Tuazon
Palatiw (3)	Anita San Juan	Delfin Legaspi Francisco Sta. Ana Artemio Raymundo Jesus Chiangco
Rosario (2 pages)		Sotera Santos
San Joaquin and San Bernardo (2 pages)		Felipe Sanchez Aguido Policarpio
San Nicolas (1)		Sixto de Guzman
Sumilang (1)		Paterno Limchangco
Bagong Katipunan (3)		Gavino Lloren
Caniogan (2)	Fidela C. Limpoco (Chair) Pascual Victorino Segundo Cruz Juana Posadas	Information secured from and through the kindness of Alfonso Crisostomo Julian Limpoco Jose Limpoco
Malinao (3)		Telesforo Gatchalian
Pinagbuhatan (3)		N.C. Deveco

		Antonio Sequena(?)
Rotonda (2)		Josefa Conducto Milagros Deveco
San Miguel (1)		Albina Velasco
Santolan (12)	Celferina N. Regino, Chairman Pablo Valdez	
Ugong (3)		Marcelino P. Santos
Bambang (8)		E.E. Valenzuela
Kapasigan (4)		Roberta Santos Felisa H. Castillo
Maybunga (2)		
Pineda (2)		M. Macaraig
Sagad (3)	Magtangol del Rosario Josefa Manalo	Venancio Asuncion Simeon Concepcion
San Jose (1)		Damianan Concepcion
Sto. Tomas (2)		Lorenzo Jose

Naglalaman ng mga sumusunod na datos ang mga ulat mula sa barrio: *Present official name, Population of the barrio, Establishment, Original families, Barrio tenientes, Story of the Barrio*. Sa bahaging ito, ilalahad ang pagkakatatag ng mga barrio ayon sa HDP.

Talahanayan 6. Entri kaugnay sa ‘pagkakatatag’ ng mga barrio ayon sa HDP

<i>Barrio</i>	<i>Pagkakatatag</i>
Bagong Ilog	“the barrio was established long before the Spaniards came to the Philippines and no exact date can be traced”
Bagong Katipunan	November 29, 1930 (Kinuha sa Barrrio Bagong Katipunan -Ika-20 Taong Pagsilang Nob. 29, 1950)
Bambang	During the Spanish regime (date not known)
Buting	Same as Pasig
Canioan	“This barrio is older than three generations. Nobody living can tell the original families as there are no written records preserved”
Kalawaan	June 27, 1926
Kapasigan	“This barrio has been called Kapasigan for a very long time and its derivation is not well known.”
Malinao	(no mention)
Maybunga	“No record”
Palatiw	“not known”

Pinagbuhatan	“In the year 1897 in a meeting of the Cabeza de Barangays and Gobernadorcillos in Pasig, it has been suggested that the name “Pinagbuhatan” be given to the place now so-called.”
Pineda	“No records exist of how it was named “Pineda”, yet it can be inferred that the name came from a Spanish official, one among those who lent services here in the early days of the Spanish Occupation.”
Rosario	“In the year 1000 B.C., Rosario was only a small path filled with trees and wild flowers... The first settlers came from Taytay and Cainta.”
Rotonda	“After World War I this part (Rotonda) which is near the boundary of Kapasigan and Caniogan was given the name of Rotonda.”
San Joaquin and San Bernardo	“The place got its name from the Patron Saint San Joaquin and San Bernardo. The name was not changed ever since.”
San Jose	“On March 19 of a certain year, the families living in the present area of San Jose met together and decided to give a distinct name to the place. As March 19 th was the feast day of Saint Joseph, they agreed to name the barrio, “San Jose.”
San Miguel	“unrecorded”
San Nicolas	“Such legend (San Nicolas, the Chinese and the stone crocodile) was told repeatedly about that surprising incident of the fiesta and the peoples of the district named their locality San Nicolas after the name of the patron St. San Nicolas.
Santolan	“Efforts were made and records at the Office of the Municipal Secretary of Pasig, and at the archives of the parochial church was searched as to the derivation and meaning of the name of Santolan, but to no avail.
Santo Tomas (Pulo)	Pre-Spanish time – It was called Pulo and later, Sto Tomas during the middle part of the American regime.
Sumilang	April 18, 1868
Ugong	“In the beginning, only few inhabitants lived in the barrio proper. Many make their residences in the hill or mountain because their vocation is planting vegetable and taking care of the animals.”

Marami pang matatagpuang mga datos mula sa HDP at mahalagang maunawaan ang konteksto nito. Una, bilang muling pagtitipon ng mga nawalang datos bunga ng digmaan, naging mahalaga ang pagtatakda ng batas upang isakatuparan ito. Ang mga naisulat dito ang maaaring magbigay ng ideya sa mga kaalamang namamayani sa panahong ito (i.e., dekada 50). Ikalawa, bilang produkto ng pagsisinop ng mga guro, mahalagang mapatingkad ang metodo ng pangangalap ng batis. Dahil sa panahong laan para maisakatuparan ang proyekto ng HDP, nararapat paraanin sa masusing kritisismong pangkasaysayan ang mga impormasyon na makukuha rito. Mabuti man ang intensyon na masinop ang mga kaalamang pangkasaysayan, mahalagang tayain din ang nilalaman ng mga naratibo. Magkagayunpaman, pinaalalahanan na huwag ituring na ‘pinal’ o mapagkakatiwalaan ang lahat ng banggit sa koleksyon ito. Kinakailangan pa ring idaan sa metodong pangkasaysayan ang salaysay mula rito.

Report on the Municipal Government of Pasig, 1971

Bunga ng nagbabagong katangian ng Pasig, isang pag-aaral ang isinagawa upang tumugon sa mga hamon ng pamamahala noong dekada-70. Isinagawa nina Raul de Guzman (director), Fe Sumilong, Josefino Rivera, Pacifico Conanan, at Rogelio Lorenzo ang “A Report on the Municipal Government of Pasig.” Mahalagang mabasa ang isinasaad sa kanilang panimula:

Like any urbanizing municipality in the metropolitan Manila area, Pasig is not free from the usual problems attendant to a municipal government of its size.

Shifting from an agricultural to an industrial economy, Pasig during the past years shown tremendous strides in development.

The municipal officials, aware of the problems concomitant to growth and progress, continuously seek ways and means of making the municipal government more responsive to the demands of progress.

This study is along that trend. The Municipal Mayor and the members of the Municipal Council sought the assistance of the Local Government Center at the College of Public Administration, University of the Philippines, for a study that would look into the capacity of the municipal government, with the present organization and structure, to render better services.²⁹

²⁹ History and Cultural Life of Pasig.

Mula sa ulat na ito makikita ang listahan ng 28 na mga barrio sa Pasig noon. Tandaan ang barrio pa ang katawagan dahil 1974 pa maisasakatuparan ang PD 557. Ang mga barrio ng Pasig na naitala ay ang mga sumusunod: Bagong Ilog, Bambang, Buting, Caniogan, Kapasigan, Kalawaan, Malinao, Katipunan, Manggahan, Maybunga, Orambo, Palatiw, De la Paz, Pinagbuhatan, Pineda, Rosario, Sagad, Santolan, San Joaquin, San Jose, San Miguel, San Nicolas, Santa Rosa, Sto. Tomas, Sta. Cruz, Sumilang, at Ugong.³⁰

Pasig Facts and Figures '86 at '91

Isang lathalain na may pamagat na *Pasig facts and figures*, mababasa ang mga batayang impormasyon tungkol sa Bayan ng Pasig. Nakakita ang mananaliksik ng sipi para sa mga taong 1986 at 1991. Nasa lathalain din nito ang lumang logo ng Pasig na may imahe ng sirena. Sa nasabing babasahin, inilista ang 30 na mga barangay at ang kanilang mga Barangay Captain.

Talahanayan 6. Barangay at Barangay Captain batay sa Pasig Facts and Figures, 1986 at 1991

PASIG Facts and Figures	1986	1991
Barangay	Barangay Captain	Barangay Captain
Bagong Ilog	Romualdo C. Arboleda	Artemio S. Victorino
Bagong Katipunan	Domingo R. Silverio	Danilo G. Baina
Bambang	Nicanor D. Balderrama	Regino S. Balderama
Buting	Rolando C. Sambeli	Rolando Sambeli
Caniogan	Miguel F. Melendres	Ruperto Concepcion
De la Paz	Vicente P. Fernando	Ana Anguluan
Kalawaan	Sixto C. Cuevas	Benito T. Bornay
Kapasigan	Melchor C. Uson	Alfonso R. Reyes
Kapitolyo	Milagros G. Ilustre	Ester Garrovillas
Malinao	Dante M. Raymundo	Julita M. Sarmiento
Manggahan	Alfredo L. Rivera	Cresenciano Cruz
Maybunga	Victorio A. Delos Reyes	Reynaldo F. Raymundo
Oranbo	Emilio T. Marcelo	Avelino Pagalunan
Palatiw	Isaac S. Licsi	Isaac Licsi
Pinagbuhatan	Lorenzo S. Guinto	Rodrigo Asilo
Pineda	Gregorio R. Del Rosario	Jaime B. de Leon
Rosario	Pedro F. Cruz	Leticia V. Cruz

³⁰ "A Report on the Municipal Government of Pasig." Local Government Center, UP College of Public Administration (Manila: Local Government Center, 1971), p.20.

Sagad	Victorino R. Miraflores	Anastacio E. Benito
San Antonio	Teresita P. Rupisan	Reynaldo S. Palines
San Joaquin	Arthur Bernardo	Josefina San Pedro
San Jose	Remigio B. Reyes	Remigio B. Reyes
San Miguel	Ricardo G. Bedaña	Roberto E. Benito
Santolan	Zenona M. Labuguen	Eustaquio Borja
San Nicolas	Felixberto L. Damian	Antonio F. Patag
Sta. Cruz	Oscar C. Paderes	Jat A. Talavera
Sta. Lucia	Fernando V. Tesorero	Fernando Tesorero
Sta. Rosa	Benjamin F. Algoso	Rogelio Morelos
Sto. Tomas	Ricardo B. Añonuevo	Rene F. Miguel
Sumilang	Salvacion J. De Leon	Umberto Ramos
Ugong	Ernesto M. Cruz	Gloria C. Obregon

Pasig Noon, Ngayon, at Bukas 421st Anniversary (July 2, 1573-1994)

Isang espesyal na aklat tungkol sa kasaysayan ng Pasig na maituturing ang "Pasig Noon, Ngayon, at Bukas: 421st Anniversary" (Hulyo 2, 1573-1994). Ito ay isang souvenir book na pinamatnugutan nina Dean Carlos Tech at Dr. Luciano Santiago. Naglalaman ito ng mga mahahalagang naratibo at datos tungkol sa tranpormasyon at pagbabago ng Pasig sa pagdaan ng panahon. Sa aklat na ito, tinalakay ang kasaysayan ng iba't ibang barangay sa Pasig. Kasama sa mga binanggit ang Bagong Ilog, Bagong Katipunan, Bambang, Buting, Caniogan, Kalawaan, Kapasigan, Kapitolyo, Dela Paz, Manggahan, Malinao, Maybunga, Orambo, Palatiw, Pinagbuhatan, Pineda, Rosario, Sagad, San Antonio, San Joaquin, San Jose, San Miguel, San Nicolas, Sta. Cruz, Sta. Lucia, Sta. Rosa, Santolan, Sto. Tomas, Sumilang, at Ugong.³¹ May itinala na kabuang 30 barangay ang Lungsod Pasig na nakapaloob sa dalawang distrito.

Talahanayan 6. "The 30 Barangay of Pasig: Colorful Past, Dynamic Present, Vibrant Future" mula sa *Pasig Noon, Ngayon, at Bukas 421st Anniversary*

District I	Bagong Ilog: May Makulay na Kasaysayan
	Bambang: Unity Is the Rule
	Buting: Pugad ng mga Sikat
	Caniogan: From Groves to Schools
	Kalawaan: People Dance to St. Martha

³¹ Carlos Tech at Luciano Santiago, mga pat. *Pasig Noon, Ngayon, at Bukas 421st Anniversary (July 2, 1573-1994)*. (Pasig: Araw ng Pasig Foundation, 1994).

	Kapitolyo: From Wilderness to Urban Center
	Katipunan: In Honor of the Great Plebian
	Malinao: Center of Worship, Seat of Power
	Oranbo: Talahiban Noon, Kaunlaran Ngayon
	Palatiw: Masaya at Masagana
	Pineda: A Place of Legends
	Sagad: Haunting Are Its Folk Tales
	San Antonio: A Quiet Nest in the Hub
	San Joaquin: A Barangay of Leaders
	San Jose: Cradle of Pasig History
	San Nicolas: Bayanihan Spirit
	Sta. Cruz: The Legend of the Holy Cross
	Sta. Rosa: No Longer Just a Stopover
	Sto. Tomas: Between River and Ricefields
	Sumilang: Dakilang Liwanag ng Katuwiran
	Ugong: Landmarks in an Old Barrio
District II	Dela Paz: Facing a Bright Future
	Manggahan: Attuned to the Times
	Maybunga: A Flourishing Barangay
	Pinagbuhatan: The Ancient Town Center
	Rosario: Now Bustling and Progressive
	San Miguel: 'Sleepy' No More
	Santolan: Known for Brave Residents
	Sta. Lucia: Rising from a 'Kangkongan'

Dalawang naudlot na barangay

Noong 1999, inilabas ang desisyon ng *Supreme Court En Banc* kaugnay sa isyu ng pagtatag ng dalawang barangay sa Lungsod Pasig. Maiuugat ito sa kahilingan ng mga residente ng Karangalan Village noong April 22, 1996, na maging hiwalay na barangay. Inaprubahan ito ng Sangguniang Panglungsod ng Pasig sa pamamagitan ng Ordinansa Blg. 21, Serye ng 1996, na nagtatatag ng Barangay Karangalan sa Pasig City. Pagkatapos nito, inakma ang petsa ng plebisito para sa paglikha ng nasabing barangay noong 1996. Sa kabilang banda, noong Setyembre 9, 1996, ipinasa ng Lungsod ng Pasig ang Ordinansa Blg. 52, Serye ng 1996, na naglilikha ng Barangay NAPICO (Ninoy Aquino Pilot Community) sa Pasig City. Itinakda rin ang petsa ng plebisito para dito noong 1997. Ngunit kinontra ang mga kautusang ito ng Munisipalidad ng Cainta at umabot hanggang Korte Suprema ang kaso. Nagtapos ang salaysay na ito nang hindi naging ganap na mga barangay ng Pasig ang dalawang pook.³²

³² G.R. No. 125646, Setyembre 10, 1999. Maakses sa [G.R. No. 125646 \(lawphil.net\)](http://lawphil.net)

Ilang saloobin sa pananaliksik sa Kasaysayang Pambarangay: Mga Hamon at Tunguhin

Habang nagsasagawa ng pananaliksik kaugnay sa mga barangay, mahalagang ipunto na sa papel na ito sumusuroy pa lamang sa mga posibleng mga batis na may banggit sa mga barangay at hindi pa kapaloob dito ang mismong 'kasaysayan' ng mga barangay. Upang makakalap pa ng mga batis, mainam na maging pamilyar sa nilalaman ng mga aklatan at sinupan, sa loob at sa labas ng lokalidad. Makakukuha ng mga batis mula sa bayan o lungsod na maaaring nagtataglay ng impormasyon sa barangay na sinasaliksik. Karaniwang may mga datos pampamahalaan ang nasa mga rekord, katitikan, aklatan, o bodega ng mga ito. Ilan sa mga nagtataglay ng kasaysayan ng barangay ay ang *Minutes of the Council* at datos ng mula sa Municipal/City/Local Planning Office. Gayundin, may mga paaralan na matatagpuan sa lokalidad na karaniwan ay kapangalan ng barangay na nagsisinop ng mga larawan, dokumento o artifact na kaugay sa barangay.

Mas inaasahan na may datos mula sa mismong mga barangay. Ngunit kapansin-pansin ang kanipisan ng batis pangkasaysayan ng bawat barangay. Bukod sa kakulangan ng mga dokumento, malaking hamon ang pagtatago ng mga batis. Sa aking pagtatangka na bumuo ng kasaysayan pambarangay, napakailap ng maaaring pagkuhanan ng impormasyon mula sa kinaukulan. Sa katunayan, kung mananaliksik tungkol sa barangay, karaniwan, may datos lamang kung sino ang nakaupo sa pamunuan. Ang mga lumang rekord mula sa mga naunang pamunuan ay kadalasan nawaglit na (kadalasan ang banggit pa nga ay sinira, tinapon, o nilagyan ng "virus ang computer"). Bunga nito, umaasa sa kasaysayang pasalita o interbyu ang mga mananaliksik na nais bumuo ng isang kasaysayang pambarangay (pero napakanipis kung mahabang kasaysayang pambarangay ang nais mabuo). Kaya't sa huli ang maipapayo sa kapwa mananaliksik ay patuloy na maghanap at maging bukas sa iba't ibang mga batis (nakasulat o hindi nakasulat). Gayundin, maaaring maghanap ng mga mananaliksik na may parehong interes at magbahaginan ng mga batis at karanasan.

Sa nilalaman ng isang kasaysayang pambarangay, malaking hamon ang pagtatakda ng etimolohiya o toponomiya, at kronolohiya. Kadalasan, nagsisimula sa pangalan ng barangay ang naratibo, mainam at walang gaanong paliwanag kung ang barangay ay de-numero (o yaong ginagamitan ng bilang ang pangalan) ngunit maaaring bigyang linaw kung isasaalang-alang ang heograpiya ng pagtatakda ng bilang. Mahalaga na matukoy ang konteksto at dahilan na nagbunsod ng ganitong pagpapangalan.

Sa bansa, mapapansin na ang pagpapangalan ng mga lugar ay tila nahahati sa ilang katangian. Kung ang pangalan ng pook ay kaugnay sa kalikasan (e.g., topograpiko), malamang na matagal na ang lugar ito at may malalim na kasaysayan. Kung ang pangalan ay nagmula sa mga santo o relihiyosong personalidad, maaaring nagdulot ito ng kolonyal na karanasan. At kung ang pangalan naman ay mula sa mga tao o bayani, malamang na mas bago ang pagkakapangalan sa lugar na iyon.³³

Isa sa mga halimbawa ay ang Palatiw na hindi malinaw kung ano ang tiyak na kahulugan. Mas nakadagdag sa palaisipan ang pagbanggit sa pook ng 'Palatnia' sa isang ulat noong 1576 bilang bahagi ng *encomienda* sa tabi ng Ilog Pasig na ipinagkatiwala kay Don Juan de Isla. Habang sa tala ni Fray Gaspar de San Agustín noong 1698 sa kanyang *Conquistas de las Islas Philipinas* inilista ang pook ng 'Palatiu' bilang isa sa visita ng Pasig. Sa Census of 1903 [1905], naitala ang barrio ng 'Palatiu' bilang isa sa barrio ng Pasig. Sa kasalukuyan, Palatiw ang kinikilalang pangalan ng barangay.

Kaugnay sa paglalahad ng kronolohiya ng isang barangay, tila mahirap din ito gaya ng pananaliksik sa kasaysayang pampook sa antas ng bayan, lungsod, o probinsya. Sa katunayan, sa kaso ng Lungsod Pasig, walang primaryang ebidensya ang nagbabanggit na Hulyo 2, 1573 bilang pagkakatag nito. Gayunpaman, may ilang mga batis na magagamit upang makapagbigay ng impormasyon tungo sa isang rekomendasyon sa petsa ng pagdiriwang. Karaniwang hamon ito kung ang sinasaliksik ay isang matandang pamayanan at may kasalatan sa nakasulat na batis.

Mayroon din naman na malinaw ang pagtatakda ng puntong-balingan, gaya ng pagtatakda sa Manggahan mula sa pagiging sitio patungo sa pagiging barrio. Noong 1959, sa pamamagitan ng RA 2601 kinilala ang dating sitio bilang barrio Manggahan, Pasig (Rizal).³⁴ Samantala, klaro na bilang yunit na barangay ang pagkakabuo ng Barangay Sta. Lucia sa Pasig, Metro Manila.³⁵

Mainam na isang tunguhin ay ang pagkalas sa mga nakasanayang tingin kaugnay sa kasaysayang pambarangay na ito'y maliit, sunud-sunuran sa daloy ng kasaysayang pambayan o pambansa, at hindi napapansin dahil sa kaliitan ng kapangyarihan na may saklaw nito. Ngunit sa pagmumuni-muni,

³³ Wensley Reyes. *Abakada ng Kasaysayang Pampook*. Maynila: Limbagang Pangkasaysayan, 2000. p. 61.

³⁴ *Republic Act No. 2601*, An Act Creating Barrios in Certain Municipalities of the Province of Rizal – Section 3. The sitio of Manggahan in the Municipality of Pasig, same province, is converted into a barrio of said municipality to be known as the barrio of Manggahan.

³⁵ *Presidential Decree No. 1490*, Creating Barangay Sta. Lucia in the Municipality of Pasig, Metro Manila (11 June, 1978)

maaaring ang kaliitan ng saklaw ng barangay ang ugat ng pagkakakilanlan ng isang bayan o na pamayanan. At ang iniisip na pagsunod lamang nito sa mga mas malalaking alon ng kasaysayan ay kabaligtaran sa ilang mga pagkakataon. Maaaring sa ilan, mas malapit ang barangay sa kapookan pero mas malayo sa kamalayan, karanasan, at pagpapahalaga. Marahil ito rin ay dahil sa kakulangan ng mga saliksik na mababasa sa kasaysayan ng isang barangay dahil mas nakatuon sa mas malaking bayan, lungsod, probinsya, o rehiyon.

Ilan naman sa mga gawain kaugnay sa kasaysayang pambarangay ay pagsasanay ng mga mananaliksik, pag-iingat ng mga batis, pagkakaroon ng *barangay cultural mapping*, pagbuo ng mga samahang pangkasaysayan, pagsasagawa ng mga talakayan at kumprensya. Ang mga gawaing ito ay ilang mungkahing gawain upang tuluyang umusad ang kasaysayang pambarangay at mas mailapit ito sa kamalayan at puso ng mga mamamayan.

Pangwakas

Nagsimula ang papel na ito sa pagnanais na lagyan ng puwang ang kasaysayang pambarangay sa praktika ng mga mananalaysay. Nagbalik-tanaw din sa maikling kasaysayan ng ebolusyon ng ‘barangay’ bilang yunit pulitikal upang maunawaan ang kapookan at konteksto ng mga barangay. Mula sa mga sinaunang pamayanan hanggang sa siglo-20, pinanday ang barangay ng samu’t saring pwersang panlipunan.

Sa pamamagitan ng karanasang pangkasaysayan ng Pasig, binigyang-puwang ang pagtuon sa kasaysayang pambarangay. Mula sa iba’t ibang batis, sinubok na palitawin ang panahon ng pag-iral ng mga barangay. Maituturing na panimula lamang ang paghahawan na ito ngunit nagnanais na mapalitaw ang potensyal ng pananaliksik sa antas pambarangay. Nararapat na isulat at bigyang-pansin ang mga kasaysayang pambarangay – gaano man ito katanda o kabata, kaliit o kalaki. Dapat pagtuuan ng pansin ang etimolohiya, toponomiya, at kronolohiya nito na mag-aambag sa mas malalim na pag-unawa sa mga barangay. Kailangan mapalitaw ang mga karanasan at mga pangalan ng ordinaryong tao sa paglalahad ng karanasang pambarangay tungo sa pagbibigay representasyon sa lahat ng sektor panlipunan. Kailangan maitampok ang natatanging kultura at pamana na nagbibigay kakanyahan sa mga tao at lugar. Gayundin, ang praktikal na pagpapahalaga sa mga batis, ay pagtuturo rin sa pagpapahalaga sa kasaysayan. Kung sa lebel ng barangay ay malinaw ang halaga at gamit ng kasaysayan, maaaring maitawid ang pagpapahalagang ito sa bayan, lungsod, probinsya at bansa.

SANGGUNIAN

- “A Report on the Municipal Government of Pasig”. Local Government Center, UP College of Public Administration. Manila: Local Government Center, 1971.
- Abinales, Patricio at Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines*. (Lanham Boulder, New York, Oxford: Rowman and Littlefield Publishers Inc., 2005.
- Ariffin, Dayana. “The censuses of the Philippine islands: From ethnological inquiry to the formalization of racial categories in the American-occupied Philippines from 1903 to 1939.” *Social Science Diliman* 15:1 January-June 2019: 56-82.
- Calairo, Emmanuel. *Tanza: Lalawigan ng Kabite*. Cavite: Pamahalaang Bayan ng Tanza, 2004.
- Caoili, Manuel. *The Origins of Metropolitan Manila: A Political and Social Analysis*. Cellar Book Shop, 1988.
- Camagay, Ma. Luisa. *Kasaysayan ng Muntinlupa: paunang pananaliksik*. Muntinlupa City: Muntinlupa Historical Commission, 2004.
- Canoy, Reuben. *The History of Mindanao vol 1*. Reuben R. Canoy, 2011.
- Cruz, Romeo. “Sources of Local History,” *Asian Studies*, 22-24 (1984-1986): 1-9.
- Dabbay, Gloria. *Davao City: Its History and Progress*. G.P. Dabbay, 1992.
- Guillermo, Artemio. *Historical Dictionary of the Philippines; Third Edition*. Lanham, Toronto, Plymouth, UK: The Scarecrow Press, Inc, 2012.
- “History and Cultural Life of Pasig”, *Historical Data Papers*. Manila: National Library of the Philippines, 1953.
- Municipality of Pasig. *Pasig facts and figures, 1986 at 1991*.
- Porio, Emma, and Roque-Sarmiento, Emily. "Barangay." In Orum, A. (ed). *The Wiley Blackwell Encyclopedia of Urban and Regional Studies*. John Wiley & Sons Ltd., New Jersey, 2019. DOI: 10.1002/9781118568446.eurs0016

- Reyes, Wensley. *ABAKADA ng Kasaysayang Pampook*. Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2020.
- Riquel, Hernando. “Encomiendas Assigned by Legaspi; Manila, June 2, 1576.” Nasa *The Philippine Islands, 1493- 1898; Volume XXXIV*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 304-310. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Romani, John H. “The Philippine Barrio.” *The Far Eastern Quarterly* 15, no. 2 (1956): 229–37. <https://doi.org/10.2307/2941768>.
- Salonga, Isayas. *Rizal Province directory*, Volume I. Manila: General Printing Press, 1934.
- Tech, Carlos at Luciano Santiago, mga pat. Pasig Noon, Ngayon, at Bukas: 421st Anniversary (July 2, 1573-1994). Pasig: Araw ng Pasig Foundation, 1994.
- Sy, Dionisio. *The History of Cebu City*. Provincial Government of Cebu, 2014.
- Zamora, Mario. “Political History, Autonomy, and Change: The Case of the Barrio Charter.” *Asian Studies* Vol V. No. 1, (April, 1967): 79- 100.